# DEPARTAMENTO NG MATAAS NA PAARALAN
# KAGAWARAN NG FILIPINO

**T.P. 2023 – 2024**

**PROGRAMA NG FILIPINO**

## I. PANIMULA

Ang programa ng Filipino ay binuo bilang pagtugon sa misyon at visyon ng paaralan na maging isang Kristiyanong pamayanang naglilingkod sa pagtataguyod ng mataas na uri ng edukasyong Katoliko na mamamalas sa mga paniniwala ng ganap na Kristyano. Ito ay nakasalig sa pilosopiya ng buhay at edukasyon ng "Pagiging katulad ni Kristo". Kaugnay nito, ang programa ay kabahagi sa pangkalahatang layunin ng paaralan na:

- palaganapin ang tradisyon ng patuloy na pag-unlad sa pamamagitan ng mga gawaing intelektwal gaya ng marubdob na pagtuklas ng mga karunungan;
- pagyamanin ang kultura kaalinsabay ng pagsasabuhay at pagpapatatag sa mga natatanging minanang kalinangan bilang Kristyano at Pilipino;
- paunlarin ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip at pagpapasya hinggil sa buhay upang magtaglay ng kalayaang pansarili;
- paunlarin nang lubos ang ipinagkaloob ng Diyos na mga kakayahan at talento sa pamamagitan ng konsepto ng pangangalaga at pakikipamuhay sa pamayanan, paggalang sa dignidad ng pagkatao at pagkakaiba-iba ng bawat indibidwal;
- paglinang sa mga pagpapahalagang pangkatauhan bilang pakikibahagi sa pagkakamit ng mga pambansang adhikaing maging makatao, makabayan, makakalikasan at maka-Diyos.


Kaugnay nito, ang kurikulum ng Filipino ay tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa pagkatuto, at ito ay nakasalig sa umiiral na kurikulum ng Filipino na ipinatutupad ng Departamento ng Edukasyon na makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Ang layuning pangkagawaran ng pagtuturo ng Filipino ay Pagpapahalaga sa Diwang Pilipino sa pamamagitan ng Mabisa at Masining na Pagpapahayag na nagbibigkis sa mga layuning pang-asignatura sa bawat baitang/taon ng pag-aaral ng Filipino.

Ang layunin ng programa ay magamit ang Wikang Filipino sa iskolarling pakikipagtalastasan kung saan pinagsasanib ang mga interdisiplinaring mga paksa sa pagdevelop ng kakayahang komunikatibo, at mga pagpapahalagang pampanitikan sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang uri ng teksto, gayundin sa tulong ng mga genre ng panitikang lokal, rehiyunal, pambansa, asyano, at pandaigdig upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng pambansang pagkakakilanlan at kultural na literasi.

Sa diwa ng pananampalataya, ang mga halimbawa ng Mahal na Birheng Maria at mga turo ni San Francisco ng Assisi ay nagsisilbi ring mga gabay sa paglilingkod sa misyon ng paaralan. Gayundin, sa diwa ng *thrust* ng paaralan. Ang paghubog sa mga mag-aaral na maging isang Kristiyanong pinuno sa pamamagitan ng makaebanghelyong kapatiran at *Marian Spirituality*.

Ang kurikulum ng Filipino ay binubuo ng mga kurso sa bawat antas ng pag-aaral sa mataas na paaralan na may kredit yunit na 1 at alokasyong 1 oras na pagtuturo at apat na sesyon sa bawat linggo na may kabuuang 240 minuto.

**KONSEPTUWAL NA BALANGKAS**




## II. KONDISYON/KALAGAYAN

Ang kagawaran ay binubuo ng isang tagapag-ugnay at apat na kaguruan. Ang lahat ay nakapasa na sa Licensure Examination for Teachers (LET) maliban sa isang bagong guro. Ang sumusunod na talahanayan ay magpapakita ng *teaching profile* ng kaguruan:

| Pangalan ng Guro | Bilang ng Taon sa LSM | Kursong Natapos | Asignaturang Itinuturo | Iba Pang Tungkulin/ Responsibilidad | Bilang ng Seksyon na Tinuturuan |
|---|---|---|---|---|---|
| G. Salvador J. Dayao, Jr. | Tatlong taon | BSE – Filipino<br><br>18 Units MA in Filipino | Filipino 7 at Filipino 11 | Tagapayo – 7 – St. Leopold of Castelnuovo | 5 na seksyon – 300 minuto |
| G. EJ Dalmacio | Isang Taon | BSE – Filipino | Filipino 8 at Filipino 11 | Ikalawang Tagapayo - Bl. Cassian of Nantes | 5 na seksyon – 300 minuto |
| Bb. Marnelli M. Belo | Siyam na Taon | BSE – Filipino<br><br>24 Units MA Educational Management | Filipino 9 at Filipino 11 | Tagapayo – 11 –Bl. Nicholas of Gesturi | 5 na seksyon – 300 minuto (Unang Semestre) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| Bb. Aallhiex R. Escarta | Dalawang taon | BSE – Filipino | Filipino 10 at Filipino 11 | Tagapayo - 11-Bl. Honorat Kozminski of Biala | 5 seksyon – 300 minuto |
| Bb. Janice C. Herrera | Sampung Taon | BSE – Filipino<br><br>21 units MA Pagtuturo ng Filipino | Filipino 12 (Unang Semestre) | Tagapag-ugnay<br><br>Guro – Filipino Special Class at Pull-out Class | 2 seksyon – 120 minuto (Unang Semestre) |

Ipinapakita sa talahanayan na isa sa kaguruan ay matagal na sa larangan ng pagtuturo at sa paaralan. Ang tatlong guro naman ay nasa ilalim ng *probationary year* bago maging permanente. Lahat ay nagtapos ng BSE – Filipino at dalawa rito ay kasalukuyang nagpapatuloy ng pagpapakadalubhasa. Tatlong guro ang naitalaga bilang tagapayo at lahat rin sa kaguruan ay naitalaga na magturo sa ibang baitang sa dalawang Semestre ng Panuruang Taon.

Ang mga mag-aaral mula Ikapitong Baitang hanggang Ikasampung B0aitang ay gumagamit ng teksbuk samantalang mula Ikalabing-isang Baitang hanggang Ikalabindalawang Baitang ay gumagamit ng *learning activity sheets* at handawts sa pag-aaral ng Filipino. Narito ang talaan ng teksbuk sa bawat baitang:

Ikapitong Baitang - Pinagyamang Pluma 7 - Ikatlong Edisyon
Ailene G. Baisa-Julian, et.al
Phoenix Publishing House

Ikawalong Baitang - Pinagyamang Pluma 8
Ailene G. Baisa-Julian, et.al
Phoenix Publishing House, Inc. 2017

Ikasiyam na Baitang - Pinagyamang Pluma 9
Ailene G. Baisa-Julian, et.al
Phoenix Publishing House, Inc. 2017

Ikasampung Baitang - Pinagyamang Pluma 10
Marasigan, Emily V. et al.
Phoenix Publishing House, Inc. 2017

Ang kaguruan ay hinihikayat na gumamit ng iba't ibang sanggunian o teksbuk na makatutulong sa pagbuo ng sariling kagamitang viswal at paggamit ng instruksyunal at awdyo-viswal na kagamitan para sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

***FILIPINO 7* - WIKA AT PANITIKAN (AKDANG PAMPANITIKANG REHIYUNAL)**

DESKRIPSYON NG KURSO

Ang kursong Filipino sa Ikapitong Baitang ay inihanda ayon sa visyon at misyon ng Lourdes School of Mandaluyong at alinsunod sa mga itinakdang layunin ng kurikulum sa Filipino sa Kagawaran ng Edukasyon sa antas sekundarya. Ang pokus ng pag – aaral sa Ikapitong Baitang ay Filipino: Wika at Panitikan (Akdang Pampanitikang Rehiyunal).

Ang saklaw ng mga aralin ay iniangkop sa pangangailangan ng mga mag – aaral bilang pagtugon sa tungkulin ng Filipino na maging dinamikong instrumento sa paglinang ng mga kaalaman at kakayahang may kaugnayan sa mabisang pakikipagtalastasan. Ang kurso sa Ikapitong Baitang ay nakaugnay rin sa layunin ng pangkawaran na **Pagpapahalaga sa Diwang Pilipino sa pamamagitan ng mabisa at masining na pagpapahayag** at layuning pang-asignatura na **Pagpapamalas ng Pagpapahalaga sa Pagkakakinlanlang Pilipino.**

Ang bahagi ng panitikan ay nauukol sa pag-aaral ng iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang rehiyunal. Ang bahagi ng gramatika ay nauukol sa mga pang-ugnay na magagamit sa paglinang ng kakayahang komunikatibo sa pagpapahayag ng mga mag-aaral. Ang koridong Ibong Adarna ay isa sa tuon ng pag-aaral ng mga obra maestrang nagbabago bawat baitang. Ang mga akdang pampanitikan ay ginagamit na batayan sa paglinang ng mga pagpapahalagang pangkatauhan gayundin ang taunan at pangmarkahang tema ng paaralan.

Ang pagpapaunlad ng mga kasanayang makro ay isinasagawa tungo sa maunawang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood. Ang mga tekstong ginagamit ay interdisiplinari at hango sa iba't bang uri ng media at iba pang resorses. Sa bawat markahan ay may mga inaasahang pagganap na nagsisilbing kulminasyon at punto ng integrasyon ng mga aralin sa wika at panitikan na maaaring pasalita o pasulat, isahan o pangkatan na nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maging malikhain at makapagbahagi ng taglay na talento at kakayahan.

Sa kabuuan, ang Filipino 7 ay isang pagtatangka na mapalaganap ang kultura at kagandahan ng Panitikang Pilipino at kahalagahan ang Wikang Filipino, gayundin ang adhikaing makibahagi sa pagtataguyod ng edukasyong mapagpalaya, makabayan at maka-Diyos.

## ***FILIPINO 8 -*** **WIKA AT PANITIKAN (AKDANG PAMPANITIKANG PAMBANSA)**

DESKRIPSYON NG KURSO

Ang kursong Filipino sa Baitang 8 ay inihanda ayon sa visyon at misyon ng Lourdes School of Mandaluyong at alinsunod sa mga itinakdang layunin at kurikulum sa Filipino ng Kagawaran ng Edukasyon sa antas Sekundarya. Ang pokus ng pag-aaral sa Baitang 8 ay pagpapamalas ng kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at mga akdang pampanitikang pambansa tungo sa pagtatamo ng kultural na literasi. Ang saklaw ng mga aralin ay iniangkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral bilang pagtugon sa tungkulin ng Filipino na maging dinamikong instrumento sa paglinang ng mga kaalaman at kakayahang may kaugnayan sa pagkamulat ng mga mag-aaral sa natatanging lakas ng wika at panitikan na makapagpalaya sa kamangmangan, kaapihan at kahirapan. Ang kurso ay nakaugnay rin sa layunin ng kagawaran na **Pagpapahalaga sa Diwang Pilipino sa pamamagitan ng mabisa at masining na pagpapahayag** at layuning pang-asignatura na **nagagamit ang kaalaman at kasanayan sa wika at panitikan tungo sa pagiging responsableng Pilipino.**

Ang kurikulum ay binubuo ng pag-aaral ng Gramatika at Panitikan at mga kaugnay na kasanayan. Binibigyang- diin sa bahagi ng gramatika ang kognitibong kasanayan sa paggamit ng Filipino sa iskolarli at akademikong pakikipagtalastasan sa paraang pasalita at pasulat. Pag-aaralan sa bahagi ng panitikan ang awit na Florante at Laura ni Francisco Balagtas na tumatalakay sa mga suliraning panlipunan, pampamilya, pansimbahan at pampamahalaan. Ang mga akdang pampanitikan ay ginagamit na batayan sa paglinang ng mga pagpapahalagang pangkatauhan, gayundin ang mga taunan at pangmarkahang tema ng paaralan.

Ang pagpapaunlad ng mga kasanayang makro ay isinasagawa tungo sa maunawa at kritikal na pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood. Ang mga tekstong ginagamit sa diskurso ay interdisiplinari at hango sa iba't ibang uri ng media at iba pang resorses. Sa bawat markahan ay may mga mungkahing proyekto na nagsisilbing kulminasyon at punto ng integrasyon ng mga aralin sa gramatika at panitikan na maaaring pasalita o pasulat at isahan o pangkatan na nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maging malikhain at makapagbahagi ng taglay na talento at kakayahan.

Sa kabuuan, ang Filipino 8 ay isang pagtatangka na mapalaganap ang yaman ng panitikang Pilipino at potensyal ng Wikang Filipino, gayundin ang adhikaing makibahagi sa pagtataguyod ng edukasyong mapagpalaya, makabayan, at maka- Diyos.

## *FILIPINO 9 – SINING NG KOMUNIKASYON AT PANITIKAN*
## (SALING - AKDANG ASYANO)

DESKRIPSYON NG KURSO

Ang kursong Filipino sa Baitang 9 ay inihanda ayon sa visyon at misyon ng Lourdes School of Mandaluyong at alinsunod sa mga itinakdang layunin ng kurikulum sa Filipino 9 ng Kagawaran ng Edukasyon sa antas sekundarya. Ang kurikulum sa Filipino 9 ay binubuo ng pag-aaral ng Gramatika at Panitikan at kaugnay na mga kasanayan. Binibigyang – diin sa bahagi ng Gramatika ang kognitibong kasanayan sa paggamit ng Filipino sa iskolarli at akademikong pakikipagtalastasan sa paraang pasalita at pasulat. Ang kurso ay nakaugnay rin sa layunin ng kagawaran na **Pagpapahalaga sa Diwang Pilipino sa pamamagitan ng Mabisa at Masining na Pagpapahayag** at layuning pang-asignatura na **Pagpapalago ng Kamalayang Pilipino tungo sa makabuluhang pananaw sa Lipunan.** Binibigyang-diin sa layuning ito ang hangaring magkaroon ng malawak at konkretong pananaw ang mga mag-aaral tungkol sa lipunang ginagalawan.

Ang bahagi ng Panitikan ay nauukol sa pagbasa at pagpapahalaga sa mga akda sa pamamagitan ng paglalantad sa makulay na kultura ng mga bansang asyano. Ang mga akdang ginamit ay hango sa ilang panig ng Asya tulad ng Timog Silangan Asya, Silangang Asya at Kanlurang Asya. Pinagtutuunan ang pag-unawa sa pagkakakilanlan bilang isang Asyano na maghahatid sa kamalayan ng kultura ng mga karatig-bansa tungo sa lubusang pag-unawa sa kanilang kakanyahan at pagkalahi. Ang nobelang Noli Me Tangere na isinulat ni Dr. Jose P. Rizal ay kabilang sa mga akdang pag-aaralan. Ang mga akdang pampanitikan ay ginamit na batayan sa paglinang ng mga pagpapahalagang pangkatauhan gayundin ang taunang tema ng paaralan.

Sa kabuuan, ang Filipino sa Baitang 9 ay isang pagtatangka na mapalaganap ang yaman at gamit ng Panitikang Pilipino sa malikhaing pag-iisip at maipakita ang potensyal sa pagsusulat gayundin ang adhikaing makibahagi sa pagtataguyod ng edukasyong mapagpalaya, makabayan at maka-Diyos.

## *FILIPINO 10 – SINING NG KOMUNIKASYON AT PANITIKAN*
## (SALING - AKDANG PANDAIGDIG)

DESKRIPSYON NG KURSO

Ang kursong Filipino sa Ikasampung Baitang at Ikaapat na Taon ay inihanda ayon sa misyon at visyon ng Lourdes School of Mandaluyong at alinsunod sa mga itinakdang layunin ng kurikulum sa Filipino sa Kagawaran ng Edukasyon sa antas sekundarya. Ang pokus ng pag -aaral sa Ikasampung Baitang ay Filipino tungo sa Edukasyong Mapagpalaya at Global na Pananaw. Ang saklaw ng mga aralin ay iniangkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral bilang pagtugon sa tungkulin ng Filipino na maging dinamikong instrumento sa pagsubok ng mga paraan ng pagtuklas ng mga kaalaman at paglinang ng mga kakayahang tutungo sa pagtataglay ng kritikal na pag-iisip at pananaw. Ang kurso ay nakaugnay rin sa layunin ng kagawaran na **Pagpapahalaga sa Diwang Pilipino sa pamamagitan ng Mabisa at Masining na Pagpapahayag** at layuning pang-asignatura na **Pakikibahagi sa Pagtataguyod ng Makataong Lipunan.**

Ang kurikulum sa Ikasampung Baitang ay binubuo ng pagpapatibay sa kaalaman sa wika at mabisang paggamit nito sa iskolarli at akademikong pakikipagtalastasan gayundin ang pagpapalawak ng kaalaman sa panitikan at pagbibigay – diin sa mga teoryang pampanitikan. Ang bahagi ng panitikan ay nauukol sa pagtalakay sa kasaysayan, katangian, tungkulin, mga natatanging manunulat, at / o akda mula mga akdang pandaigdig. Bukod sa mga ito, binibigyang – diin ang mga akdang salin mula sa Asya, Europa at Africa maging ang mga akda ng iba't ibang rehiyon ng Pilipinas gamit ang iba't ibang teoryang pampanitikan. Pinagtutuunan ang nobela bilang literari genre. Ang nobelang El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal ay kabilang sa mga akdang pag – aaralan kasama ng iba pang kilalang nobelang pandaigdig sa tulong pa rin ng mga teoryang pampanitikan sa pagtatamo ng kultural na literasi.

Ang pagpapaunlad ng mga kasanayang makro ay isinasagawa tungo sa mapanuri at malikhaing pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood. Ang mga

tekstong ginagamit sa diskurso ay hango sa iba't ibang anyo ng mass media at iba pang uri ng resorses. Sa bawat markahan ay may mga mungkahing proyekto o inaasahang pagganap na nagsisilbing kulminasyon at punto ng integrasyon ng mga aralin sa wika at panitikan at iba pang asignatura na maaaring magsilbing evalwasyong pasalita o pasulat at gawaing pang – isahan o pangkatan. Ito rin ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maging malikhain at makapagbahagi ng taglay na talento at kakayahan.

Sa kabuuan, ang Ikasampung Baitang ay isang pagtatangka na mapalaganap ang tungkulin ng panitikang Pilipino sa lipunan at potensiyal ng wikang Filipino sa pananaw at kamalayang global at pagtataguyod ng edukasyong mapagpalaya, makabayan at maka – Diyos.

## III. PANGKALAHATANG LAYUNIN

Sa pagtatapos ng anim na taong pag-aaral ng Filipino sa mataas na paaralan, inaasahang ang mga mag-aaral ay mahusay at mabisang nakapagpapahayag sa Filipino na may pagmamalaki sa kanyang wika at panitikan at nagtataglay ng mapanuri at malikhaing pag-iisip at mga kasanayang makro.

### PAG-UNAWA SA NAPAKINGGAN

1. Nagagamit ang mga kasanayan sa pag-unawa, pagpapakahulugan, pagsusuri at pagbibigay –halaga sa mga impormasyon, paksa at kaisipang napakinggan.

2. Naipakikita ang kasanayan sa pakikinig na may layuning interaksyunal at transaksyunal.

3. Naisasagawa ang proseso ng pakikinig na ginagamit ang kaalamang leksikal at gramatikal, datihang kaalaman o iskima sa pagpapakahulugan.

4. Napauunlad ang kasanayang mag-isip at kakayahang mangatwiran sa pamamagitan ng pakikinig sa mga kaalamang pangwika at pampanitikan.

5. Natutukoy ang iba’t ibang paggamit ng wika sa mga napakinggang pahayag mula sa mga panayam at balita sa radio at telebisyon.

6. Natutukoy ang mga angkop na salita, pangungusap ayon sa konteksto ng paksang napakinggan sa mga balita sa radyo at telebisyon.

7. Nakikilala ang iba’t ibang akademikong sulatin ayon sa: (a) Layunin, (b) Gamit, (c) Katangian, at (d) Anyo.

### PAG-UNAWA SA BINASA

1. Nakababasa ng iba’t ibang uri ng teksto. (interdisiplinari)

2. Nagtataglay ng kailangang kasanayan sa pag-unawa sa binasa at mga istratehiya sa paghanap, pagsuri, sintesis at paggamit ng mga kailangang impormasyon.

3. Nagagamit at napalalawak ang talasalitaang angkop sa pagpapakahulugan at pagpapahayag ng mga kaisipan at mensahe.

4. Nababasa sa paraang maunawa, malikhain at mapanuri ang iba’t ibang teksto.

5. Nagagamit ang kasanayang pampag-aaral sa gawaing akademiko.

6. Nakababasa at nagpapahalaga sa iba’t ibang akdang pampanitikang vernakular, pambansa, asyano, at pandaigdig.

7. Natutukoy ang iba’t ibang paggamit ng wika sa nabasang pahayag mula sa mga blog, social media posts at iba pa.

8. Nasusuri ang ilang pananaliksik na pumapaksa sa wika at kulturang Pilipino.

9. Natutukoy ang paksang tinalakay sa iba’t ibang tekstong binasa.

10. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig.

11. Nasusuri ang ilang halimbawang pananaliksik sa Filipino batay sa layunin, gamit, metodo, at etika sa pananaliksik.

12. Nakikilala ang mga katangian ng mahusay na sulating akademiko sa pamamagitan ng mga binasang halimbawa.

**PAGLINANG NG TALASALITAAN**

1. Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap.

2. Nabibigyang- kahulugan ang mahirap na salitang ginamit sa akda batay sa denotatibo o konotatibong kahulugan.

3. Nabibigyang-puna ang bisa ng paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng matinding damdamin.

4. Nabibigyang- kahulugan ang mahihirap na salita, kabilang ang mga terminong ginagamit sa panunuring pampanitikan.

5. Nakikilala ang pagkakaugnay- ugnay ng mga salita ayon sa antas o tindi ng kahulugang ipinahahayag nito. (clining)

6. Nabibigyang kahulugan ang mga salitang ginamit sa talakayan.

7. Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa.

8. Nabibigyang kahulugan ang mga konseptong kaugnay ng pananaliksik (Halimbawa: balangkas konseptwal, balangkas teoretikal, datos empirikal, atbp.)

9. Nabibigyang-kahulugan ang mga terminong akademiko na may kaugnayan sa piniling sulatin.

**PANONOOD**

1. Naihahambing ang ilang piling pangyayari sa napanood sa ilang piling kaganapan sa lipunang Asyano sa kasalukuyan.

2. Naipahahayag ang sariling pagpapakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay.

3. Nagagamit ang mga larawan sa pagpapaliwanag ng pag-unawa sa mahahalagang kaisipang nasasalamin sa napanood na bahagi ng akda

4. Nailalahad sa pamamagitan ng mga larawang mula sa diyaryo, magasin, at iba pa ang gagawing pagtalakay sa napanood na napapanahong isyu.

5. Nasusuri at naisasaalang-alang ang mga lingguwistiko at kultural na pagkakaiba-iba sa lipunang Pilipino sa mga pelikula at dulang napanood.

6. Natitiyak ang mga elemento ng paglalahad ng pinanood na episodyo ng isang programang pampaglalakbay.

**PAGSASALITA**

1. Nagtataglay ng kaalamang pambalarila na makatutulong sa malinaw at mabisang pakikipagtalastasan.

2. Nagagamit nang mabisa ang Filipino sa iba't ibang sitwasyon at sa mga talakayan at iskolarling pagpapahayag.

3. Nabibigkas nang may paglalapat sa sariling katauhan ang ilang dayalogo ng napiling tauhan sa binasang dula.

4. Naisasagawa ang isahan/pangkatang pagsasalaysay ng isang pangyayari sa kasalukuyan na may pagkakatulad sa mga pangyayari sa akda.

5. Nailalahad ang sariling pananaw, kongklusyon, at bisa ng akda sa sarili at sa nakararami.

6. Naipaliliwanag nang pasalita ang iba't ibang dahilan, anyo, at pamaraan ng paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon.

7. Napipili ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan o talakayan batay sa kausap, pinag-uusapan, lugar, panahon, layunin at grupong kinabibilangan.

8. Naibabahagi ang katangian at kalikasan ng iba't ibang tekstong binasa.

**PAGSULAT**

1. Nakasusulat nang organisado at mabisa batay sa uri ng diskurso at layuning akademiko.

2. Naipakikita ang kakayahang pumili ng pamamaraan at batayang panretorika upang maipahayag ang sariling kaisipan, ideya, opinyon, damdamin at saloobin.

3. Naipakikita ang pagiging mapanuri at malikhain sa pagsulat.

4. Nagagamit ang mga kaalaman sa transkoding, pananaliksik at pagsulat na teknikal, akademiko at interdisiplinari.

5. Nagagamit ang kasanayan sa pagsasalin sa pagpapalawak ng kaalaman.

6. Nakasusulat ng ilang halimbawa ng iba't ibang uri ng teksto.

7. Naiisa-isa ang mga paraan at tamang proseso ng pagsulat ng isang pananaliksik sa Filipino batay sa layunin, gamit, metodo, at etika ng pananaliksik

8. Naisasagawa nang mataman ang mga hakbang sa pagsulat ng mga piniling akademikong sulatin.

9. Nakasusunod sa istilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin.

**WIKA AT GRAMATIKA**

1. Nagagamit ang mga pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

2. Nagagamit ang iba't ibang ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin.

3. Nagagamit ang linggwistikong kahusayan sa pagsulat ng sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging isang Pilipino.

4. Nagagamit ang mga angkop na salita / ekspresyon sa:
   - paglalarawan
   - paglalahad ng sariling pananaw
   - pag-iisa-isa
   - pagpapatunay

5. Nagagamit ang mga kasanayang komunikatibo (linggwistik, sosyolinggwistik, diskorsal at istratedyik) sa lahat ng mga gawain sa klase.

6. Natutukoy ang iba't ibang register at barayti ng wika na ginagamit sa iba't ibang sitwasyon (Halimbawa: Medisina, Abogasya, Media, Social Media, Enhinyerya, Negosyo, at iba pa) sa pamamagitan ng pagtatala ng mga terminong ginamit sa mga

larangang ito.

7. Nahihinuha ang layunin ng isang kausap batay sa paggamit ng mga salita at paraan ng pagsasalita.

8. Nagagamit ang angkop na mga salita at pangungusap upang mapag-ugnay-ugnay ang mga ideya sa isang sulatin.

9. Nagagamit ang *cohesive devices* sa pagsulat ng sariling halimbawang teksto.

10. Nagagamit ang mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik

11. Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika.

**ESTRATEHIYA SA PAG-AARAL**

1. Naisasagawa ang sistematikong pananaliksik sa iba't ibang pagkukunan ng Impormasyon. (internet, silid- aklatan, at iba pa)

2. Nalilikom ang angkop na pagkukunan ng mga impormasyon upang mapagtibay ang mga paninindigan, mabigyang-bisa ang mga pinaniniwalaan, at makabuo ng sariling kongklusyon.

3. Nagagamit nang wasto ang mga primarya at sekundaryang pinagkukunan ng mga impormasyon.

4. Nasasaliksik ang mga pagkukunan ng impormasyon upang mapagtibay ang paninindigan at makabuo ng matibay na kongklusyon at rekomendasyon.

5. Nakagagawa ng pag-aaral gamit ang *social media* sa pagsusuri at pagsulat ng mga tekstong nagpapakita ng iba't ibang sitwasyon ng paggamit sa wika.

6. Nakabubuo ng mga kritikal na sanaysay ukol sa iba't ibang paraan ng paggamit ng wika ng iba't ibang grupong sosyal at kultural sa Pilipinas.

7. Nakasusulat ng isang panimulang pananaliksik sa mga penomenang kultural at panlipunan sa bansa.

8. Nakakukuha ng angkop na datos upang mapaunlad ang sariling tekstong isinulat.

9. Nakabubuo ng isang maikling pananaliksik na napapanahon ang paksa.

10. Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sulating akademiko.

**PANITIKAN**

1. Nakikilala at nasusuri ang iba't ibang uri ng panitikan batay sa kahulugan at katangian ng mga ito.

2. Nakababasa ng mga akdang pampanitikan at nailalapat ang iba't ibang pagdulog at teoryang pampanitikan.

3. Nasusuri ang mga akdang lumilinang sa pagpapahalagang moral at ispiritwal.

4. Napahahalagahan ang panitikang Pilipino bilang likhang sining, konstruksyon at ekspresyon ng lipunan, kasaysayan at pagbabago.

5. Nagtataglay ng kaaalaman, kahusayan at kamalayan sa pag-aaral ng panitikan.

6. Nakalilikha ng iba't ibang uri ng akdang pampanitikan.

Ang maagham at malikhaing pagtuturo ay mahalaga sa kalidad na edukasyon na matatamo sa pamamagitan ng mahusay na pagtugon ng kaguruan. Inaasahan sa

pagsasakatuparan ng mga kakayahang pamprograma na ang kaguruan ay nagtataglay ng mga sumusunod:

1. nagtataglay ng kahusayan sa paggamit ng Filipino sa pagpapahayag na pasalita at pasulat sa iba't ibang diskurso;

2. napalalawak ang kaalaman tungkol sa disiplina sa pamamagitan ng mga pagbabasa at pag-aaral;

3. napauunlad ang sarili sa aspetong interdisiplinari at sa ibang larangan;

4. napalalago ang kakayahang pedagodyikal ( pagpaplano, paghango, improbisasyon);

5. nakagagamit ng mapanuklas at inovativ na mga istratehiya sa pagtuturo;

6. nakapagsasagawa ng refleksyong pansarili para sa higit na kahusayan sa gawain;

7. nagpapahalaga at kumikilala sa dignidad, kakayahan, katangian at pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral;

8. nag-iisip at gumagamit ng higit na epektibong sistema ng evalwasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral;

9. nagpapakita ng interes at malasakit sa pag-unlad ng mga mag-aaral;

10. nagtataglay ng mga pagpapahalagang moral at ispiritwal bilang mabuting halimbawa sa mag-aaral at sa pamayanan;

11. nagpapamalas ng kamalayan sa mga isyu at pangyayari sa kapaligiran;

12. nagpapakita ng pagiging mapanuri at malikhain sa pag-iisip at pagkilos;

13. nag-iisip nang dinamiko at nagtataglay ng pananaw na global;

14. nakagagamit ng angkop na teknolohiyang pang-edukasyon at mapamaraan sa pagtuturo;
15. nagpapalaganap at nagtataglay ng marubdob na pagmamahal sa wikang Filipino at panitikang pambansa;

16. nagtataglay ng tiwala sa sariling kakayahan at talento bilang guro;

17. nagpapaunlad ng katauhang personal na makatutulong sa pagiging propesyunal at mabuting guro;

18. nagpapalaganap ng misyon at visyon ng paaralan sa pamamagitan ng pagsasabuhay sa pilosopiya ng buhay at edukasyon nito.

## IV. MGA ISTRATEHIYA SA PAGTUTURO

Kaugnay sa inaasahang kalidad na edukasyon, ang Filipino bilang pantulong na asignatura sa paglinang ng mga kaalaman at kasanayan ay tumutugon sa paglikha ng intelektwal na klasrum at makikilala bilang **Filipino sa Iskolarling Pakikipagtalastasan.** Ang mga simulain o prinsipyo sa pagtuturo na isinasaalang-alang sa pagpili ng mga istratehiya sa pagtuturong kaugnay sa nabanggit na tunguhin ay ang mga sumusunod:

Kaugnay sa Wika

- Ang lebel ng pangangailangan sa komunikasyon bilang sentral ng pagkatuto sa wika
- Ang pagkatuto kaysa pagtuturo
- Ang pagtuturo sa mga mag-aaral kaysa pagtuturo ng aklat
- Ang wika ay likas na gawain
- Ang pagkatuto ng wika ay holistic at integrasyon ng mga kasanayang pangwika na hinati sa mga sub-skills sa pagtuturo nito
- Ang pagkatuto ng wika ay siklikal

Kaugnay sa panitikan –

- Ang pokus ay hindi lamang sa pagtuklas at pagkuha ng kahulugan kundi sa aktibong pakikisangkot sa paglikha ng kahulugan
- Ang paggamit ng karanasang natamo sa pagbasa
- Ang paggamit ng dating kaalaman at pag-uugnay nito sa bagong kaalaman
- Ang paglinang sa kakayahan sa pagproseso ng mga teksto
- Ang pag-uugnay ng mga sariling saloobin, pananaw at pagpapahalaga sa pinag-aralan
- Ang kaugnayan ng paglinang ng wika sa paglinang ng pagpapahalagang personal, sosyal, moral at estetiko

Mula sa mga nabanggit na pananaw sa pagtuturo ng wika at panitikan, gagamitin ang alinman sa at o eklektik na pamaraang kasunod:

1. Pamaraang Gramatikal / Istruktural – nagbibigay-pansin sa mga tuntunin, kumbensyon at hulwarang kayariang pangwika. Binubuo ng pag-aaral sa tatlong sistema ng wika – ponolohiya, morpolohiya at sintaks.

2. Pamaraang Series ni Francuis Gouin – itinuturo ang wika nang tuwiran ngunit hindi ipinaliliwanag ang tuntuning pangkayarian na nakapaloob sa mga serye ng pangungusap sa paniniwalang may transpormasyong nagaganap sa paggamit ng wika na madaling mauunawaan ng mga mag-aaral.

3. Pamaraang Direct nina Richard at Rogers –ang pagkatuto sa wika ay nagaganap sa pamamagitan ng natural na gamit ng wika sa mga interaksyong pasalita sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ang tuntuning pambalarila ay itinuturo sa paraang pabuod at sa tulong ng pagmomodelo at pagsasanay.

4. Pamaraang Audiolingual – ang pokus ng gawain ay sa pakikinig at pagsasalita bilang batayan ng mga gawain sa pagbasa at pagsulat. Ang aralin ay inilalahad sa pamamagitan ng paggamit ng mga dayalogo kung saan ang mga tamang tugon sa mga paulit-ulit na pagsasanay ay agad na pinagtitibay.

5. Designer Methods – layuning pasiglahin ang paggamit ng wika sa loob at labas ng klasrum at makalikha ng mga inovativ na paraan sa pagtuturo tulad ng:

   - Community Language Learning – binigyang –pansin ang apektib domeyn at aspeto ng kultura sa pagkatuto ng wika. Itinuturing na isang komunidad and klase na nagtutulungan sa pag-aaral at pagtataya ng nabatid tungkol sa wika.
   - Suggestopedia – binibigyang-pansin ang kahalagahan ng isang relaks at tamang kalagayan at kapaligiran sa pagkatuto. Ang paggamit ng musika, awitin, drama at iba pang uri ng sining ay nagpapadali sa gawain.
   - Silent Way – paggamit ng sariling paraan ng pagtuklas sa mga kaalaman at batay sa paniniwalang bawat mag-aaral ay may pananagutan sa mga bagay na dapat niyang malaman upang maging matibay ang kanyang pagtitiwala sa sarili sa halip na paghahain ng dapat maunawaan.
   - Total Physical Response – nagbibigay-diin sa pagsasalita at gumagamit ng mga kaugnay na pagkilos at paggalaw upang mabilis na matutunan ang isang bagay.
   - Natural Approach – ang guro ay lumilikha ng mga sitwasyon na hanguan ng mga input tungkol sa wika upang maging kawili-wili sa mga mag-aaral. Binubuo ang mga gawain ng tatlong yugto ng pagkatuto – ang preproduction na lumilinang sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikinig, ang early production na kung saan nakikita ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika ngunit higit na binibigyang halaga ang mensahe at hindi ang istruktura ng wika at ang ekstensyon ng produksyon na inaasahang magwawasto sa mga kamalian sa pamamagitan ng paggamit ng mga diskurso tulad ng role playing, talakayan, pangkatang gawain, at iba pa.

6. Pamaraang Sosyolingwistik – isinasaalang –alang ang mga kategoryang sosyal sa pagkatuto sa wastong paggamit ng wika. Ang paglikha ng mga interaksyong sosyal na kadalasang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa kapwa.

7. Pamaraang Komunikativ – layuning matamo ang kakayahang komunikatibo sa pamamagitan ng paggamit ng wika ng wasto at angkop. Ito ay batay sa pananaw na ang wika ay komunikasyon at ang kaalamang gramatika ay isa lamang sa maraming aspeto ng komunikasyon. Ang mahalaga ay ang pag-uugali na di-berbal sa pagpapahatid ng mensahe at ang antas ng diskurso. May integrasyon ang apat na makrong kasanayan at binubuo ng apat na kakayahan sa komunikasyon – lingwistik (masteri sa istruktura ng wika), sosyolingwistik (nagagamit ng kontekstong sosyal ng isang wika), diskors (may pang-unawa sa layon at gamit ng isang buong diskurso at sa pagpili ng angkop na istilo) at istratedyik (kakayahang magamit ang wika nang walang dapat alalahanin upang makaangkop sa imperpektong kaalaman sa wika at maipahatid ang mensahe).

8. Pamaraang Kognitiv- Akademik- isinasaalang-alang ang iba't ibang istilo ng pagkatuto sa paglalahad at paglilinang ng mga impormasyon na sinusundan ng pagsasanib ng mga kasanayan sa pag-iisip at pagdebelop ng kasanayan sa paggamit ng iba't ibang teksto at materyales na interdisiplinari. Nililinang ang mga gawaing akademiko at pagpapakita ng modelo.

9. Paggamit ng Makabagong Teorya – sa pagtuturo ng panitikan, ang binibigyan-diin ay ang papel nito sa lipunan, papel ng mambabasa, papel ng may-akda at papel ng teksto. Binibigyang-diin ang pagsusuri at pagpapahalaga sa akda bilang proseso kung saan ang manunulat ay lumilikha ng teksto batay sa paggamit ng maraming elemento o sangkap; sinusunod ang teorya ng pagtanggap na kung saan malinaw ang papel ng mambabasa sa pagkuha at paglikha ng kahulugan ng teksto; nagbibigay-halaga sa iba pang uri ng katha hindi lamang ang mga akdang realistiko; sistematikong ginagamit ang mga konsepto at kategoryang hango sa ibang disiplina, kinikilala ang bago at higit na malikhaing pagsusuri sa mga teksto.

    - Dulog Pampanitikan – makabuluhan at makatotohanang pagtuturo ng panitikan batay sa angkop na katangian ng teksto tulad ng pormalistiko, sosyolohikal, sikolohikal, bayograpikal, antropolohikal, moralistiko, marxismo, feminismo, lingwistiko at iba pa.
    - Reader – Response Theory – nagbibigay-tuon sa paggamit ng tatlong elemento sa pag-unawa sa teksto – mambabasa, proseso ng pagbasa at tugon ng mambabasa. May itinuturing na apat na uri ng mambabasa; virtual, mock, real at ideal. Ipinagpapalagay na ang mambabasa ay nauunawaan ang kanyang binabasa sa pamamagitan ng pagde-decode sa mga aytem na linggwistik sa pahina at pag-uugnay ng mga impormasyon na alam na niya ukol sa mundo.
    - Istaylistiko- pinalalawak ang antas ng pag-unawa at pinahuhusay ang interpretasyon sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa gramatika, porma at kahulugan ng mga salita na nakapagpapataas sa pagiging sensitibo sa layunin at istilong literari. Ito ay nakatuon sa pagkakaiba-iba ng paggamit ng wika, madalas ngunit hindi eksklusibo, may natatanging pokus sa masalimuot na paggamit ng wika sa panitikan.
    - Multiple Intelligences Theory – pagkilala at paglinang sa kakayahang malaman ang mundo sa pamamagitan ng iba't ibang estilo/kaparaanan ng pagkatuto. Ito ay ang pagbuo ng desisyon sa kung anong uri ng media ang pipiliin sa makabagong paraan ng pagtuturo (visual, printed words, sounds, motion, color, realia, instructional setting, learner characteristics, events of instruction, reading ability, categories of learning outcomes, performance).
    - Teoryang Iskima – pagkatuto sa pamamagitan ng paghula, pagkumpirma at pag-uugnay. Ito ay interaksyon ng kaalamang pangwika at datihang karanasan / kaalaman upang maunawaan ang teksto.
    - Teoryang Constructivism – pagtuturo na text-based at task-based at isinasagawa sa pamamagitan ng labindalawang gawaing

pangkonstruksyon upang mabigyan ng bagong anyo at kahulugan ang teksto gaya ng preconstruction, deconstruction, reconstruction, transformation, reassembly, graphic and numerical representation, gap-fill / interactive dictation, summary / paraphrasis, alteration, translation, synthesis, collaboration.

Sa kabuuan ay sisikapin na ang mga pamaraang gagamitin sa pagtuturo ay nakapokus sa mga mag-aaral para sa pagkatutong interaktib at kooperatib, pagkatutong whole –language, content-centered kung kailangan, task-based at interdisiplinari.

## V. MGA GAWAIN SA PAGKATUTO

Ang mga gawain sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino ay nakabatay sa mga sumusunod na simulain:

- Marubdob na hangarin sa komunikasyon
- Mga gawaing kawili-wili bilang pangganyak
- Higit na partisipasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika batay sa kakayahan at pangangailangan
- Iba't ibang pamaraan at gawaing angkop sa istratehiya ng pagkatuto
- Kabatiran ng mga mag-aaral sa kaparaanan ng pagkatuto
- Kalagayang malaya, masaya at relaks ng mga mag-aaral
- Positibong reaksyon sa mga pagkakamali at tungkulin o gawain ng mag-aaral sa pagwawasto
- Pagkilala sa kalagayang indibidwal ng mga mag-aaral

Sa ganitong prinsipyo, ang papel ng guro ay bilang kabalikat ng mga mag-aaral sa iba't ibang gawaing pangkaalaman at pangkasanayan gamit ang iba't ibang istratehiya tulad ng sumusunod:

Kasanayan: *Pakikinig*
Kategorya:
- Pasibong Pakikinig
- Masigasig na Pakikinig
- Mapanuring Pakikinig
- Malugod na Pakikinig

Proseso:
- Prosesong Bottom-Up
- Prosesong Top-Down
- Aktibong Proseso

Gawain:
- Pakikinig na may kasamang Pagsasalita
- Pakikinig na may kasamang Pagbasa
- Pakikinig na may kasamang Pagsulat
- Pakikinig na may kasamang Pagkilos

Kasanayan: *Pagsasalita*
Kategorya:
- Transaksyunal
- Interaksyunal

Tungkuling Pangkomunikasyon:
- Personal
- Interpersonal
- Direktiba
- Reperensyal
- Imajinativ

Gawain:
- Isahan
- Pangkatan

Kasanayan: *Pagbasa*
Proseso:
- Bottom-Up

- Top-Down
- Interaktiv
- Iskima

Level:
- Literal /Paktwal
- Interpretativ
- Aplikativ
- Transaktiv

Gawain:
- Pagbasa nang Tahimik
- Pagbasa nang Malakas
- Pagbasa nang  Maunawa
- Pagbasa nang Mapanuri
- Pagbasa nang Malikhain

Kasanayan: *Pagsulat*
Uri:
- Personal
- Transaksyunal
- Malikhain
- Teknikal

Anyo:
- Pasalaysay / narativ
- Palarawan/ deskriptiv
- Panghihikayat/ persweysiv
- Eksposisyon/expositori
- Pangangatwiran/ argumentativ

Simulain:
- Kontrolado
- Pinatnubayan
- Malaya

Narito ang ilan sa mga gawaing maaring gamitin ng guro

1. Mga gawain sa Pakikinig
    - Auditory Discrimination
    - Clustering
    - Pag-uulit
    - Pagpapaikli
    - Pagbuo ng iskima
    - Pakikinig at pagsagot
    - Paggamit ng Speech Laboratory

2. Mga Gawain sa Pagsasalita
    - Brainstorming
    - Pagtatalo
    - Dayalog
    - Pangkatang Talakayan
    - Roundtable discussion
    - Panayam
    - Pag-uulat
    - Simposyum
    - Pagpupulong
    - Sarvey
    - Talk Show
    - Fishbowl Technique
    - Quizbee
    - Larong Pangwika
    - Larong Pampanitikan
    - Video-Documentary

3. Mga Gawain sa Pagbasa

- QAR  o Ugnayang Tanong-Sagot
- DR-TA (Directed Reading –Thinking Activity) o Pinatnubayang Pagbasa-Pag-iisip
- DRA (Directed Inquiry Activity) o Pinatnubayang Pagtatanong
- ReQuest (Reciprocal Questioning) o Tugunang Pagtatanong
- KWWL  (What I know, What I want to learn, Where I can learn this, What I learned) o Ano ang alam na, Ano ang gustong malaman, Saan malalaman, Ano ang nalaman)
- Mapping Activities sa tulong ng Graphic Organizers o pagbuo ng mga grapikong representasyon ng mga konsepto o ideya tungkol sa binasa
    - Story grammar
    - Story frames
    - Flow charts
    - Plot diagrams
    - Discussion Web
    - Visual Display of Texts
    - Story Scheme
    - Discussion Matrix
    - Character Map
    - Cycle of Events
    - Review Map
    - Venn Diagram
    - Semantic Map
    - Spider Map
    - Problem-Solution Outline
    - Fishbone Map
    - T-lines

4. Mga Gawain sa Pagsulat
    - Substition Tables
    - Parallel Writing
    - Cloze Activity
    - Dictocomp
    - Word Association
    - Talambuhay
    - Tula
    - Kuwento
    - Pagsasalin
    - Rebyu/Panunuri
    - Sanaysay
    - Journal
    - Character Sketch
    - Plot Analysis
    - Editoryal
    - Patalastas
    - Liham
    - Iskrip
    - Komiks
    - Photo-Essay
    - Poster exercise
    - Portfolio

5. Pagguhit
    - Karikatura
    - Photo-entry
    - Larawang diwa
    - Collage
    - Slides
    - Story pictures
    - Mural

6. Interpretative Activity
    - Role playing
    - Drama
    - Pagsasatao
    - Monologo
    - Readers Theater
    - Tulang Padula
    - Chamber Theater

- Spoof
- Masining na Pagkukuwento
- Tableau
- Pagtutula
- Pagtatalumpati
- Song Interpretation
- Paglalapat ng Musika
- Madulang Pagbabasa
- Charades
- Sabayang Pagbigkas

7. Cooperative Learning Activity
    - Jigsaw
    - Reading Roulette
    - Chain Reaction

8. Thematic Approach

9. Iba pang Construction Activities

## VI. KAGAMITAN

Ang pagtiyak sa epektibong implementasyon ng programa ay isasakatuparan sa pamamagitan ng mga kagamitang inihanda ng kaguruan. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

1. Teksbuk
2. Mga sanggunian para sa tekstong interdisiplinari
3. Kagamitang awdyo-viswal
4. Sanayang papel
5. Kompyuter
6. Resorses mula sa mass media
   Pahayagan
   Komiks
   Radyo
   Telebisyon
   Pelikula
   Programang Dokyumentari
   Sining

Ang kaguruan ay hinihikayat na gumamit ng iba pang resorses na matatagpuan sa komunidad upang maging makabuluhan at mabisa ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral.

## VII. EVALWASYON

Ang pagtataya ng iba't ibang aspekto ng programang Filipino at ng kagawaran sa kabuuan ay isinasagawa sa paraang:

Pangmag-aaral – ang sinusunod na sistema ng pagmamarka sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay kumyulatib. Ang marka ay binubuo ng:

Ikapito – Ikasampung Baitang

| | |
|---|---|
| Gawaing Pasulat | 30% |
| Inaasahang Pagganap | 50% |
| Pangmarkahang Pagsusulit | 20% |
| | ============= |
| Kabuuan | 100% |

Ikalabing-isang Baitang

| | |
|---|---|
| Gawaing Pasulat | 25% |
| Inaasahang Pagganap | 50% |
| Pangmarkahang Pagsusulit | 25% |
| | ============= |

| | |
|---|---|
| Kabuuan | 100% |

Ikalabindalawang Baitang

| | |
|---|---|
| Gawaing Pasulat | 25% |
| Inaasahang Pagganap | 45% |
| Pangmarkahang Pagsusulit | 30% |
| | ============= |
| Kabuuan | 100% |

Ang mga gawaing pang-evalwasyon ay maaaring alinman sa sumusunod:

1. Ayon sa layon
   - Pagsusulit ayon sa natamong kabatiran
   - Panuring pagsusulit
   - Pagsusulit na Proficiency
   - Pagsusulit na Pangkakayahan
2. Ayon sa Anyo
   - Pagsusulit na ginagamitan ng salita
   - Pagsusulit na di ginagamitan ng salita
3. Ayon sa kakayahang sinusubok
   - Pakikinig
   - Pagsasalita
   - Pagbasa
   - Pagsulat
   - Pampanitikan
4. Ayon sa dami ng sinusukat na kasanayan
   - Pagsusulit na Discrete-point
   - Integratibo
5. Ayon sa kinalabasan ng pagsusulit
   - Norm-referenced
   - Criterion-referenced
6. Ayon sa paraan ng pagsusulit
   - Objektiv
   - Sabjektiv

Mga Batayang Indikasyon ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral

1. May 85% kataasang resulta ng pangmarkahang pagsusulit sa bawat baitang
2. Paggawa ng may kahusayang inaasahang pagganap sa bawat markahan
3. Pagtaas ng bilang ng mga mag-aaral na ang pinal na marka sa Filipino ay 85% pataas
4. Pagtaas ng resulta ng pagsusulit na isinasagawa ng PASS Test sa nilalaman at kognitibong aspeto
5. Pagbaba ng bilang ng mga mag-aaral na bumagsak sa Filipino
6. Malaganap, mabisa at wastong paggamit ng Filipino sa loob at labas ng silid-aralan
7. Pagtaas ng bilang ng mga mag-aaral na gumagamit at nagbabasa sa silid-aklatan ng mga librong pangwika at pampanitikan at iba pang resorses
8. Pagdami ng mga mag-aaral na kasapi sa organisasyon sa Filipino
9. Aktibong pakikilahok sa mga gawain sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika

10. Paggamit ng wikang Filipino sa mga iskolarling pagpapahayag

<u>Pangkaguruan</u> – ang kakayahan ng kaguruan sa mga gampaning instruksyunal at iba pang aspeto ay sinusubaybayan sa pamamagitan ng mga gawain sa pagmamasid at pagsasagawa ng kumperensya batay sa inihandang programang pansuperbisyon ng kagawaran sa mataas na paaralan at sa tulong ng iba't ibang instrumentong pang-evalwasyon. Ang mga uri ng obserbasyong isinasagawa ayon sa pangangailangan at layunin ay ang sumusunod:

- Sarvey o Pop-in
- Klinikal
- Informal
- Formal
- Interdisiplinari

Sa pangkalahatan, ang mga gawaing pang-evalwasyon ay may layuning Formativ at Sumativ.

Mga Batayang Indikasyon ng kahusayan ng Kaguruan

1. Regular na paghahanda at mabisang implementasyon ng mga banghay-aralin
2. Maayos na implementasyon ng inihandang silabus
3. Maayos na paghahanda at paggamit ng mga instrumentong pang-evalwasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral
4. Regular na pagpasok sa paaralan at masigasig na pagtuturo sa klase
5. Patuloy na pag-aaral, pagtuklas at paggamit ng iba't ibang istratehiya sa pagtuturo at integrasyon ng mga pagpapahalagang pangkatauhan
6. Pagsisikap na mapalawak ang kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa at paggamit ng iba't ibang resorses
7. Pagiging malikhain at mapamaraan sa paghahanda ng mga angkop na kagamitang viswal at instruksyunal
8. Maayos, wasto, kumpleto at nasa oras na paghahanda at pagpapasa ng mga dokumento at rekord ng mga mag-aaral
9. Aktibong pakikiisa sa mga gawaing pangkagawaran
10. Pag-unlad ng mga gawaing propesyunal
11. Pagtaas ng ranggo / level sa PRST
12. Mataas na moral at malalim na dedikasyon sa pagtuturo
13. Pagiging mabuting halimbawa sa kapwa guro at mag-aaral

<u>Pamprograma</u> – ang iba't ibang aspekto ng programang Filipino at ng kagawaran sa kabuuan ay ginagawan ng evalwasyong pang-markahan at taunang ulat na tinukoy sa inihandang gawaing operasyunal ukol sa pag-unlad ng kurikulum, pag-unlad ng kaguruan, pag-unlad ng mga mag-aaral, at pag-unlad ng mga kagamitang instruksyunal batay sa mga layunin sa programang panlevel. Isinasaalang-alang din ang mga resulta ng PASS Tests sa pagsasagawa ng mga rebisyon upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng reaksyon, puna at mungkahi ay iniangkop ang mga pagbabagong kinakailangan sa mga gawain upang higit itong mapagbuti. Ang paghingi ng *feedback* sa mga mag-aaral ay isinasagawa upang isaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan lalo na sa mga gawaing may kaugnayan sa pag-unlad ng mga kasanayan.

## VIII. SANGGUNIAN


Badayos, Paquito. *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika*. 1999. Makati: Grandwater Publications and Research Corporation.

Badua, Zenaida et al. *Pagtuturong Makaagham ng Wikang Pilipino*. 1981 Manila.

Baisa-Julian, Ailene et.al. (2017). Filipino sa Piling Larang (Akademik). Quezon City. Phoenix Publishing House, Inc.

Bandril, Lolita. *"Pagtuturo ng Maikling Katha at Dula." Isang Panayam sa Seminar*. PNU.

Bernales, Rolando A. (2008).Mabisang Komunikasyon sa Wikang Pang-akademiko.Malabon City, MUTYA Publishing House Inc.

Bernales, Rolando A. (2017). Filipino sa Larangang Akademiko. Malabon City, MUTYA Publishing House Inc.

Borabos, Milagros. *"K-W-L A Teaching Model that Develops Active Reading of Expository Texts."The Educator's Diary 1995*. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 14.

Borich, Gary. *The Appraisal of Teaching. 1997*. Massachusetts: Addison – Wesley Publishing Company.

Carluen, Pacita. *"Ang Simula at ang Wakas"*. The Educator's Diary 1993. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 18.

Castillo, Emma. *"Communicative Language Teaching"*. The Educator's Diary 1993. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 57.

Castillo, Emma. "*CALLA –Based Strategies in Communication Language*". The Educator's Diary 1994. Quezon City: Phoenix Publishig House. p. 22.

Castillo, Emma. "*Ang Pamaraang Komunikatibo sa Pagtuturo ng Wika*". Isang Panayam sa Seminar. Language Study Center. PNU

Constantino, Pamela C. et. al. (2016). Filipino sa Piling Larangan (Akademik). Quezon City. Rex Book Store, Inc.

Cooper, Herman. *Display in the Classroom*. 1996. Great Britain: David Fulton Publishers.

Cruz, Reynaldo. *" Pagpapatindi ng Balikatan Guro at Estudyante sa Pagtuturo ng Wika*". Isang Panaya sa Ikaanim na Kongreso ng SANGFIL.

Danao, Carolina. *"Bagong Pananaw sa Pagtuturo ng Wikang Filipino"*. The Educator's Diary 1993. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 59.

Dayag, Alma A. at Del Rosario, Mary Grace (2016).Pinagyamang PLUMA Pagbasa at Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.Quezon City, PHOENIX PUBLISHING HOUSE INC.

Dela Cruz, Leonardo. "*The Role of Teacher Education in Girding Education to the Twenty-First Century"*. The Educator's Diary 1992. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 10.

Espiritu, Clemencia. *"Aplikayon ng mga Teorya at Prinsipyo sa Pagtuturo ng Wika"*. Isang Panayam sa Seminar. Language Study Center. PNU.

Ferrer, Lourdes. "*Instructional Skills Within A Constructivist Perspective"*. The Educator's Diary 1995. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 21.

Fransecky, Roger and John Trojanski. "*A Primer on Games"*. The Educator's Diary 1992. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 21.

Gellor, Jaime. "*Appraising Teaching Performance*". The Educator's Diary 1992. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 37.

Gregorio, Herman. *Principles and Methods of Teaching*. 1976. Quezon City: Garotec Publishing.

Hermosa, Eleanor. *"Creative Writing Approach Methods and Strategies*". The Educator's Diary 2002. Quezon City: SIBS Publishing House. p.65

Kim, Eugene et al. *A Resource Guide for Secondary School Teaching*. 1995. New Jersey Prentice Hall.

Liwanag, Lydia. " *Mga Pananaw at Direksyon sa Pagtuturo ng Filipino Tungo sa Taong 2000"*. The Educator's Diary 1991.1998. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 35

Liwanag, Lydia. *" Magkaugnay na Pagtuturo ng Pagbasa at Pagsulat sa Fiipino Mga Pananaw at Gawain*". The Educator's Diary 1998. Quezon City: Phoenix Publishing. p 50.

Mag-atas et. Al, (2011). Komunikasyon sa Akademikong Filipino.Manila. Bookstore Publishing Corporation.

Marquez, Jr. Servillano. " *Mabisang Pagtuturo ng Filipino Tungo sa ika –21 Siglo Mga Mungkahing Istratehiya*". The Educator's Diary 1999. Quezon City: Phoenix Publishing . p.50.

Marquez, Jr. Servillano. "*Mabisang Paraan sa Paggamit ng Iba't ibang Pagdulog"*. The Educator's Diary 1994. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 23.

Marquez, Jr. Servillano. *"Makabuluhang Pagtuturo ng Panitikan Isang Hamon para sa Makabagong Guro*". The Educator's Diary 2002. Quezon City: SIBS Publishing . p. 73.

Medado, Teresita. *"Technology in the Classroom – an Update"*. The Educator's Diary 1999. Quezon City: Phoenix Publishing. p. 17.

Mendiola, Cecilia. *"Reader-Response in Action: Some Insights into Fostering Higher Level Thinking*". Isang Panayam sa Seminar. PNU.

Menez, Annie. "*The Stylistics Approach – Strategies / Teaching Tips in Literature*". The Educator's Diary 2000. Quezon City: SIBS Publishing. p. 36.

Peregrino, Policarpio. *"Mahahalagang Istratehiya sa Pagtuturo ng Filipino"*. The Educator's Diary 1997. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 27.

Philippine Secondary Schools Learning Competencies – Fiipino. Pasig: DECS, 1990.

Redondo, Judith. *"The Task-Based Approach to English Language Teaching*". The Educator's Diary 2002. Quezon City: SIBS Publishing House. p. 62.

Religioso, Teresita. "*Developing Higher Level Thinking Why and How"*. The Educator's Diary 1999. Quezon City: Phoenix Publishing. p. 22.

Reyes, Alvin Ringgo C.,(2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.Makati City, DIWA LEARNING SYSTEM INC.

Reyes, Soledad. " *Makabagong Teorya sa Pagtuturo ng Panitikan*". Isang Panayam sa Seminar. PNU.

Salandanan, Gloria. *"Models and Strategies for Effective Teaching and Learning"*. The Educator's Diary 1998. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 29.

Salazar, Evelyn. *"Reading Drama in the Classroom"*. The Educator's Diary 1994. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 17.

Salazar, Norma. *"Test Construction Skill a Critical Requirement"*. The Educator's Diary 1992. Quezon City: Phoenix Publishing House. p. 48.

Santiago, Alfonso O. ed. Linangan. Manila. DECS, 1990.

*Strategies for Teaching Critical Thinking Across the Curriculum*. 1991. New Jersey: Educational Testing Service.

Suarez-Buensuceso, Teresita et al. *Gamiting Filipino*. 1994. Manila: UST Press.

Torre-Yu, Rosario. *Panitikan at Kritisismo*. 1980. Manila: National Bookstore.

Villegas, Enedina. " *Pagbasa at Pagsulat sa Matatag ng Pagkatuto ng Filipino*". The Educator's Diary 2000. Quezon City: SIBS Publishing House. p. 75.

Department of Education Curriculum Guide in Filipino 2015

Inihanda ni:

Bb. Janice C. Herrera, LPT
*Tagapag-ugnay, Filipino*